## SO WHAT

- Anong katotohanan ang pinanghahawakan nating mga mananampalataya kapag tayo'y nasa gitna ng laban?
- Anong mga pangako sa Bibliya ang mapanghahawakan natin ngayon sa pagharap natin sa mga higante sa ating buhay (1 Corinto 15:57; 1 Juan 5:4,5)?
- Gaano ka naniniwala na nanggagaling tayo sa katayuan ng tagumpay sa mga pagkakataong kinakaharap natin ang mga higate sa ating buhay?

## NOW WHAT

- Mahirap sumamba sa Diyos kapag hindi mo Siya kilala. Papaano natin mas mapapalalim ang pagkakakilala natin sa Diyos tulad ng pagkakakilala ni David sa kayang Diyos?
- Papaano natin maipapakita ang ating pananampalataya sa Diyos kapag humaharap tayo sa mga matitinding hamon o pagsasalungat sa buhay?
- Papaano natin mapapalakas ang loob ng mga taong kinakaharap ngayon ang mga matitinding kahirapan? Sino ang mapapasigla mo ngayong linggo?

# PRAYER

- Hilingin sa Diyos na ibunyag Niya ang Kanyang sarili sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita upang magkaroon tayo ng pag-uugaling mapagpasalamat at sambahin Siya sa lahat ng panahon.
- Manalangin para sa higit na pananampalataya, pananalig, at kompiyansa sa Diyos upang makaranas tayo ng tagumpay kapag humarap tayo sa mga hamon, pagsubok, o mga problema.
- Ipagdasal ang mga nasa iyong *Victory group* na humaharap sa mga higante nila sa buhay na palakasin sila ng Diyos at bigyan ng kakayahang manaig at maging matagumpay.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

**WEEK 1** **FILIPINO**

# Sa Panahon ng Labanan




## NOTES

# CONNECT

- Kung ikaw ay isang tauhan sa Bibliya, sino ka at bakit?
- Ano ang isang gantimpala, pagtaas sa ranggo, o pagtatapos ang nagawa mo o natanggap kamakailan lang?
- Sinong matagumpay na tao ang gusto mong gayahin? Bakit?

**WORD**

*[9]Aawit ako ng bagong awit sa inyo, O Diyos, na sinasabayan ng alpa. [10]Kayo ang nagbigay ng tagumpay sa mga hari, at nagligtas sa inyong lingkod na si David mula sa kamatayan.* SALMO 144:9,10

**WHAT**

Inilarawan ni David ang pamamagitan ng Diyos sa mga laban na kanyang kinaharap. Pinuri niya ang Diyos sa kaligtasan at katagumpayan na binigay Niya. Tingnan pa nating maigi kung papaano lumaban si David sa kanyang mga digmaan kasama ang Diyos at tingnan kung papaano natin mararanasan ang katagumpayan na tulad nito sa ating mga buhay.

## 1 Kilala ni David ang Diyos bilang kanyang Tagapagligtas.

*"[36]Nagawa ko po ito sa mga leon at oso, gagawin ko rin ito sa Filisteong iyon na hindi nakakakilala sa Diyos dahil hinahamon po niya ang mga sundalo ng buhay na Diyos. [37]Ang Panginoon na nagligtas sa akin sa mga leon at oso ang siya rin pong magliligtas sa akin sa kamay ng Filisteong iyon."* 1 SAMUEL 17:36,37

Kabilang ang kanilang hari, takot ang mga Israelitang sundalo kay Goliat, ang Filisteong higante na may tangkad na siyam na talampakan at anim na pulgada. Ngunit buong tapang na nilabanan ni David ang higante dahil kilala niya ang Diyos hindi lamang sa karunungan kundi sa personal. Nananalig siya na ililigtas siya ng Diyos sa espada ni Goliat. Anu-anong mga karanasan ang nagpalakas ng tiwala ni David na matatalo niya si Goliat?

## 2 Nilabanan ni David si Goliat sa Ngalan ng Diyos na Makapangyarihan.

*Sumagot si David, "Makikipaglaban ka sa akin na ang dala'y espada, tabak, kutsilyo at sibat pero lalabanan kita sa pangalan ng Panginoong Makapangyarihan, ang Diyos ng hukbo ng Israel na iyong hinahamon."* 1 SAMUEL 17:45

Habang nakatuon ang pansin ng mga Israelitang sundalo sa panganib ng digmaan at sa mga gantimpala na mapapanalunan, lumaban si David para sa bagay na higit pa sa kanyang kapurihan. Lumaban siya para sa karangalan at luwalhati ng Ngalan ng Diyos. Kilala niya ang Diyos bilang Makapangyarihang Panginoon, ang pinakamalakas na Diyos na kasama niya sa laban na ito. Alin pang mga pagkakataon sa Bibliya ang mababanggit mo kung saan lumaban ang mga banal sa Ngalan ng Diyos?

## 3 Alam ni David na bibigyan siya ng katagumpayan ng Diyos ng Israel.

*"[46]Sa araw na ito ibibigay ka sa akin ng Panginoon. Papatayin at pupugutan kita ng ulo. Ang mga bangkay ng kapwa mo Filisteo ay ipapakain ko sa mga ibon at mababangis na hayop, at malalaman ng buong mundo na may Diyos ang Israel. [47]Malalaman ng lahat ng nagkakatipon dito na kayang iligtas ng Panginoon ang kanyang bayan kahit na walang espada o sibat. Sapagkat ang Panginoon ang makikipaglaban at ibibigay niya kayong lahat sa amin."*
1 SAMUEL 17:46,47

Alam ni David ang kapangyarihan ng Diyos. Alam din niyang ang laban na ito ay sa Diyos at hindi sa kanya. Nang sinugod ni David si Goliat, malakas niyang idineklara ang kanyang pagtitiwala sa Diyos ng Israel at binigyang-karangalan niya ang Diyos. Nanalig siya na walang sino man ang makakapantay sa Diyos, kahit ang isa pang higante. Magkumento sa personal na ugnayan ni David sa Diyos. Anong kaalaman ang mapupulot mo rito?